Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
(DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS)
Maynila

Agosto 12, 1987

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 164, s. 1987

PAMBANSANG SEMINAR/PALIHAN SA KARAPATANG PANTAO

Sa: Mga Patnugot ng Kawanihan
Mga Patnugot ng Rehiyon
Mga Tagapamanihala ng mga Paaralan
Mga Pangulo ng mga Kolehiyo at Pamantasang Pampamahalaan
Mga Pinuno ng mga Pribadong Paaralan, Kolehiyo at Pamantasan

1. Magdaraos ng ika-8 Pambansang Seminar sa Pilipino ang Pandaylipi, Inc., sa Oktubre 19-20-21, 1987, sa ika 8:00 n.u. hanggang ika-5:00 n.h. sa C. del Rosario Theatre, Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, Kamaynilaan, sa magkakasamang pagtataguyod ng Pandaylipi, Inc., Linangan ng mga Wika sa Pilipinas, P.U.P., at IEDCO sa pakikipagtulungan ng Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports. Ang tema ng tatlong araw na seminar ay "Karapatang Pantao, Kalayaan at Pananagutan."

2. Ang mga layunin sa pagdaraos ng nabanggit na seminar ay ang mga sumusunod: (a) mapag-usapang mabuti ang mga iba't-ibang interpretasyon ng karapatang pantao; (b) mabawasan, kundi man mawala, ang paglabag sa karapatang pantao; (k) upang malaman ang mga nagagawang hakbang sa pagsasagawa at pagpapahalaga ng mga karapatang pantao; (d) makalikha ng mabibisang mga hakbang sa pagsasagawa at pagtuturo ng mga karapatang pantao na makakatulong sa mga guro sa kanilang pagtuturo ng paksang ito, batay sa Kautusang Tagapagpaganap Blg. 27.

3. Hinihiling sa lahat ng kinauukulan, lalo na sa mga guro, dalubguro at puno ng iba't-ibang kagawarang pang-akademiko na dumalo sa idaraos na pambansang seminar sa tukoy na lugar, oras at petsa.

4. Ang butaw-seminar (seminar fee) sa nasabing seminar ay ₱200.00 para sa mga babasahing ibibigay sa mga delegado, meryenda, katibayan ng pagdalo at honoraryum sa mga tagapanayam. Ang iba pang gugulin tulad ng transportasyon, panunuluyang may bayad ay sasagutin ng paaralan o institusyong magpapadala sa kanila batay sa kakayahan ng pondong lokal na daraan sa kinagawiang proseso ng pagsusuri at pagtutuos. Gayundin, makagagamit sila ng opisyal na oras sa kanilang pagdalo.

5. Lahat ng katanungan hinggil sa seminar ay itukoy kay Dr. Zenaida A. Olonan, tagapangulo ng lupon sa seminar, sa Tel. Blg. 61-67-75 hanggang 77, Prof. Diosdado P. Cruz, Kalihim, Tel. Blg. 21-01-36 o 62-57-36 60-12-98 sa Tanggapan ng Pangulo ng PUP.

6. Hinahangad ang pagpapaabot ng Memorandum na ito sa lahat ng mga kinauukulan.

(LGD.) MINDA C. SUTARIA
Pangalawang Kalihim
Pansamantalang Namumuno

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran: Blg. 22, s. 1987

Pamuhatan: 1-2-3-4--(M.C. 1-87)

Ilalagay sa <u>Palagiang Talatuntunan</u> sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

- COMMUNICATION ARTS
- SEMINAR
- SOCIETY or ASSOCIATIONS
- TEACHERS